**Pamagat**: Ang Halimbawa ng Mga Balang

**Texto**: Joel 1:4 "That which the palmerworm hath left hath the locust eaten; and that which the locust hath left hath the cankerworm eaten; and that which the cankerworm hath left hath the caterpiller eaten."

> *Pagsasalin*: Ang iniwan ng nagngangatngat na balang (palmerworm), ay kinain ng kuyog na balang (locust). Ang iniwan ng balang ay kinain ng lumalamon na balang (cankerworm); at ang iniwan ng lumalamon na balang ay kinain ng maninirang balang (caterpillar).

**Panimula**:
1. Ginamit ni Joel ang makasaysayang pangyayari ng isang nakaraang salot ng balang.
2. Ang mga balang ay kilala sa pag-uubos o pagsira ng mga binhi o ani, pati punongkahoy at bunga (pananim) ay inuubos ng mga balang o mga kulisap. (Deut. 28:38, 42).
3. Ano ang mga matutunan natin sa mga halimbawa ng mga balang?

I. **Mga Uri ng Mga Balang**:
   - A. Itong salot na ito ay kakaiba sa pwersa pero itinalaga bilang parusa or hatol ng Dios.
   - B. Ginamit ni Joel ay iba't-ibang mga pangalang ng mga balang pero ito ay nagpapakita ng iba't ibang kalsi o yugto ng paglago – pero lahat ito ay mga balang.
     - B.1. Palmerworrm (gazam – cutter – nangangatngat)
     - B.2. Locust (arbeh – winged – may pakpak)
     - B.3. Cankerworm (yelek – licker or to lick up – lumalamon)
     - B.4. Caterpillar (chasiyl – ravager – dumudurog, naninira)
   - C. Sila ay nasailalim ng kontrol ng Panginoon ng mga hukbo. Tinawag ang mga ito na "bansa" (v.6).
   - D. Bagamat wala silang hari – sa pagpupulong nila ay sila ay isang dakilang pwersa. (Proverbs 30:27).
   - E. Darating ang Araw ng PANGINOON na kung saan lalabas ang mga balang ng Diablo galing sa Abyss (walang hanggang kalaliman, di-matarok na kailaliman). (Revelation 9:3)

II. **Ano ang Mga Matututunan natin sa Salot ng mga Balang?**:
   - A. Ang parating na Araw ng PANGINOON ay hatol na hindi katulad or katumbas ng mga pangyayari ng nakaraan sa kasaysayan o kaisipan o memorya ng mga buhay.
   - B. Habang lumalala ang tao, may lumalala rin ang parusa ng Dios.
   - C. Gaya ng mga salot ng mga balang ang parusa ng Dios sa kasalanan ay napakalaki, kakila-kilabot, at hindi maiwasan.
   - D. Ang paghuhusaga ng Dios ay dulot ng makasalanang gawi o pagkilos. Ang Dios ay banal at Siya ay kumikilos sa paraan na sumasangayon sa Kanyang kabanalan. Hindi niya pinababayaan ang kasalanan na magpatuloy na walang kinahihinatnan.

**Katapusan**:
1. Ang Araw ng PANGINOON ay para sa bansang Israel. (Daniel 9:24) – sambayanan at banal na lungsod:
   - 1.1. to finish the transgression, - tapusin ang pagsuway
   - 1.2. and to make an end of sins, - wakasan ang pagkakasala
   - 1.3. and to make reconciliation for iniquity, - gumawa ng pagtubos para sa kasamaan
   - 1.4. and to bring in everlasting righteousness, - dalhan ng walang hanggang katuwiran
   - 1.5. and to seal up the vision and prophecy, - tatakan ang pangitain at propesiya
   - 1.6. and to anoint the most Holy. – italaga ang kabanal-banalan.
2. Hindi pa nagaganap ang anim na ito – at hindi ito magaganap hanggat pumasok ang Israel muna sa Araw ng PANGINOON.
3. Sa kasalukuyan dapat ang mga anak ng Dios ay nagpapanatili ng maayos na pamumuhay Christiano. Sa tulong ng Banal na Espirito maari tayong mag-wagi laban sa kasalanan.